

Ang mga Bagong Pamantayan ng Victoria para sa Kaligtasan ng Bata

What's new?
Overview of the new
Child Safe Standards

Tagalog

Anong bago?

Pangkalahatang Ideya ng mga bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata

Nagsimula sa Victoria noong Enero 2016 ang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (ang mga Pamantayan). Pagkalipas ng limang taon, nakita namin kung paano napasulong ng mga Pamantayan ang kaligtasan para sa mga bata at kabataan.

Ginagawa ang mga pagbabago para maging mas matatag pa ang ating mga Pamantayan.

Kailangang sumunod ng mga organisasyong¹ sinasaklaw ng mga Pamantayan sa mga bagong Pamantayan sa **1 Hulyo 2022**. Bago iyon, nailalapat pa rin ang kasalukuyang mga Pamantayan.

Itinatakda ng mga bagong Pamantayan ang minimum na mga iniaatas at ibinabalangkas ang mga aksyon na kailangang gawin ng mga organisasyon para manatiling ligtas ang mga bata at kabataan. Nagbibigay ang mga ito ng higit na kaliwanagan para sa mga organisasyon at mas naaayon ito sa mga Pamantayan sa buong Australia.

Makakatulong sa kanila para makasunod sa mga bagong Pamantayan ang mga bagay na ginagawa na ng mga organisasyon para manatiling ligtas ang mga bata at kabataan. Sa ilang lugar, kailangan ng mga organisasyon na baguhin o linangin ang kasalukuyan nilang patakaran para sa kaligtasan ng bata, mga gawain at kultura ng organisasyon para maabot ang mga bagong Pamantayan.

Makakatulong ang gabay na ito sa mga organisasyon habang inaalam nila ang mga bagong Pamantayan at sinisimulan ang pagsusurisa kanilang mga patakaran, pamamaraan at gawain para sa kaligtasan ng bata para matukoy ang mga bagong aksyon na kailangan nilang gawin para masunod ang mga bagong Pamantayan. Makakatulong din ang gabay na *Anong nagbago? Paghambingin ang kasalukuyan at mga bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata* at ang *Mga Madalas Itanong* ng Komisyon.

Magbibigay ng karagdagang impormasyon at paggabay sa susunod na mga buwan para matulungan ang mga organisasyon, at maaari kayong mag-subscribe dito para makatanggap ng mga email kapag naglabas ng bagong impormasyon at paggabay ang Komisyon.

Ibinibigay ng talahanayan sa ibaba ang buod ng mga bagong iniaatas sa mga bagong Pamantayan.

¹ Pinalitan ng organisasyon/mga organisasyon ang lahat ng pagtukoy sa 'mga nauugnay na entidad' sa dokumentong ito para sa mga layuning ma-access. Binigyang kahulugan ang nauugnay na entidad sa seksyon 3(1) ng *Batas ukol sa Kapakanan at Kaligtasan ng Bata ng 2005 (Child Wellbeing and Safety Act 2005)* at inilarawan bilang ang mga entidad na sakop ng Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata.



Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1 – Magtataguyod ang mga organisasyon ng ligtas na kapaligiran para sakultura kung saan iginagalang at pinapahalagahan ang iba’t iba at natatanging mga karanasan ng mga bata at kabataang Aboriginal</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>1.1 Hinihikayat at aktibong sinusuportahan ang kakayahan ng bata na ihayag ang kaniyang kultra at ma-enjoy ang kaniyang mga kultural na karapatan.</p> <p>1.2 Nakapaloob ang mga estratehiya sa loob ng organisasyon na nagbibigay daan sa lahat ng miyembro para kilalanin at pahalagahan ang mga kalakasan ng kulturang Aboriginal at unawain ang kahalagahan nito sa kapakanan at kaligtasan ng mga bata at kabataang Aboriginal.</p> <p>1.3 Pinagtitiyag ng organisasyon ang mga pamamaraan para matiyak na natutukoy, hinaharap at hindi kinukunsinti ang racism sa loob ng organisasyon. Tutugunan ng naaangkop na disiplina ang anumang mangyayaring racism.</p> <p>1.4 Aktibong sinusuportahan at pinangangasiwaan ng organisasyon ang paglahok at inclusion dito ng mga bata at kabataang Aboriginal at ang kanilang mga pamilya.</p> <p>1.5 Sama-samang bumubuo ang lahat ng patakaran, pamamaraan, sistema at proseso ng organisasyon ng ligtas na kapaligiran para sa kultura at inclusion at natutugunan ang mga pangangailangan ng mga bata at kabataang Aboriginal at ang kanilang mga pamilya.</p>	<p>Iniaatas ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1 sa mga organisasyon na magsagawa ng mga bagong hakbang para makagawa ng ligtas na kapaligiran para sa kultura para sa mga bata at kabataang Aboriginal. Kailangang matugunan ng mga organisasyon ang mga iniaatas na ito, mayroon man o wala silang kabatiran na may mga bata at kabataang Aboriginal na kasalukuyang gumagamit ng kanilang mga serbisyo o pasilidad.</p> <p>Ibig sabihin ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1 na ito, kakailanganin ng karamihan sa organisasyon na pasulungin ang kasalukuyan nilang pamamaraan sa paggawa ng ligtas na kapaligiran para sa mga bata at kabataang Aboriginale at ang kanilang mga pamilya. Mangangailangan ng patuloy na pagsisikap, hindi lang ng isang beses na pagbabago ang pagpapatupad ng Pamantayang ito .</p> <p>Nauugnay ang Pamantayang ito sa bagong Pamantayan 5 kung saan iniaatas na itaguyod ang pagkakapantay-pantay at igalang ang iba’t ibang pangangailangan sa mga organisasyon.</p>	<p>Bumubuo ang Komisyon ng mga bagong dedikadong sanggunian para tulungan ang mga organisasyon na sumunod sa bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1.</p> <p>Bumuo ang Secretariat of National Aboriginal and Islander Child Care (SNAICC) ng mga sanggunian para suportahan ang mga organisasyong nagtatrabaho para sa mga bata, kabataan, at komunidad na Aboriginal at naninirahan sa Isla ng Torres Strait para makagawa ng ligtas na mga kapaligiran para sa mga bata.</p> <p>Ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon ay may nauugnay na patnubay din sa seksyon ng ‘Kaligtasan ng bata sa pamamagitan ng paggalang sa pagkakaiba-iba at kaibahan ng kultura’.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 2 – Nakapaloob ang kaligtasan at kapakanan ng bata sa pamunuan, pamamahala at kultura ng organisasyon</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 2, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>2.1 Gumagawa ang organisasyon ng pampublikong pangako para sa kaligtasan ng bata.</p> <p>2. 2 Itinataguyod at minomodelo ang kultura ng kaligtasan ng bata sa lahat ng antas ng organisasyon mula sa taas-pababa at mula sa baba-pataas.</p> <p>2.3 Pinangangasiwaan ng mga kaayusan sa pamamahala ang pagpapatupad ng patakaran para sa kaligtasan at kapakanan ng bata sa lahat ng antas.</p> <p>2.4 Nagbibigay ang Kodigo ng Paggawi ng patnubay sa mga kawani at boluntaryo tungkol sa mga inaasahang pamantayan sa paggawi at responsibilidad.</p> <p>2.5 Nakatuon ang mga stratehiya sa pangangasiwa ng panganib sa pagpigil, pagtukoy, at pagbawas ng mga panganib sa mga bata at kabataan.</p> <p>2.6 Nauunawaan ng mga kawani at volunteer ang kanilang mga obligasyon sa pagbabahagi ng impormasyon at pag-iingat ng rekord.</p>	<p>Marami sa mga aspeto ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 2 ang naaayon sa mga kasalukuyang iniaatas na gawin ng mga organisasyon sa ilalim ng mga Pamantayan 1, 2 at 3.</p> <p>Nagbibigay ang bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 2 ng higit na pansin sa mga kaayusan sa pagbabahagi ng impormasyon, pag-iingat ng rekord at pamamahala para makagawa ng ligtas na kultura para sa mga bata sa lahat ng antas sa isang organisasyon. Iniaatas na itakda sa pamunuan, pamamahala at kultura ng organisasyon ang pangangasiwa ng mga panganib sa mga bata.</p>	<p>May nauugnay na patnubay din sa mga seksyon ng kasalukuyang Mga Pamantayan 1, 2 at 3 ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon.</p> <p>Nagbibigay ang Mga Kodigo ng Paggawi: gabay sa pagbuo ng Mga Kodigo ng Paggawi na ligtas para sa bata ng Tanggapan ng Tagapag-alaga ng Bata sa New South Wales (New South Wales Office of the Children’s Guardian) ng masaklaw na payo sa pagbuo ng Kodigo sa Paggawi na ligtas para sa bata.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module ng Australian Human Rights Commission na may kinalaman sa Pambansang Prinsipyo 1 at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>

Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 3 – Binibigyang kapangyarihan ang mga bata at kabataan tungkol sa kanilang mga karapatan, nakikilahok sila sa mga desisyong nakakaapekto sa kanila at pinagtutuunan sila ng pansin

Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 3, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:

- 3.1 Ipinapaalam sa mga bata at kabataan ang tungkol sa kanilang mga karapatan, kasama ang para sa kaligtasan, impormasyon at pakikilahok.
- 3.2 Kinikilala ang kahalagahan ng mga pakikipagkaibigan at hinihikayat ang suporta mula sa mga kaedad, para matulungan ang mga bata at kabataan na madamang ligtas sila at hindi nag-iisa.
- 3.3 Kung saan nauugnay sa kaayusan o konteksto, inaalok sa mga bata at kabataan ang access sa mga programa para mapigilan ang seksuwal na pang-aabuso at sa nauugnay na impormasyon sa paraang naaangkop sa edad.
- 3.4 Ang mga kawani at volunteer ay laging nakatuon sa mga palatandaan ng pinsala at nangangasiwa ng mga paraang naaangkop sa bata para maihayag ng mga bata at kabataan ang mga pananaw nila, makilahok sa pagdedesiyon at ipaabot ang kanilang mga alalahanin.
- 3.5 May nakalatag na mga estratehiya ang mga organisasyon para bumuo ng kulturang nangangasiwa ng pakikilahok at tumutugon sa mga opinyon ng mga bata at kabataan.
- 3.6 Nagbibigay ang mga organisasyon ng mga oportunidad para makasali ang mga bata at kabataan at tinutugunan nila ang mga naiaambag ng mga ito, at sa gayon ay napapatibay ang kumpiyansya at pakikibahagi.

Noon pa man, iniaatas na ng Mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa mga organisasyon na magtakda ng mga estratehiya para palakasin ang mga bata at kabataan at itaguyod ang kanilang pakikilahok. Nanatili ang mga obligasyon na ito.

Kasama sa karagdagang iniaatas sa mga organisasyon sa ilalim ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 3 ang:

- pagbibigay ng impormasyon sa mga bata at kabataan tungkol sa mga karapatan nila
- pagkilala sa kahalagahan ng mga pakikipagkaibigan at paghikayat ng suporta mula sa mga kaedad, para matulungan ang mga bata at kabataan na madamang ligtas sila at hindi nag-iisa
- pag-aalok sa mga bata at kabataan ng mga programa para sa pagpigil ng seksuwal na pang-aabuso kung naaangkop
- paghahanda sa mga kawani at volunteer para matukoy ang mga palatandaan ng pinsala sa mga bata.

Nagbibigay ang [Pagpapalakas at pakikilahok: gabay sa mga organisasyong nagtatrabaho para sa mga bata at kabataan](#) ng Komisyon ng praktikal, madaling ma-access na paggabay sa mga organisasyon tungkol sa pagpapalakas at pakikilahok at kung paano ito maisasagawa.

Maraming karapatan ng mga bata ang itinatag sa ilalim ng Kombensyon ng Nagkakaisang mga Bansa ukol sa mga Karapatan ng Bata (United Nations Convention on the Rights of the Child). Naglathala ang United Nations ng [pinasimpleng bersyon](#).

May nakakatulong na imormasyon ang [paggabaysa mga paaralan](#) ng Department of Education and Training) tungkol sa mga palatandaan ng iba-ibang uri ng pang-aabuso.

May nauugnay na paggabay din ang [Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata](#) ng Komisyon sa seksyon ng kasalukuyang Pamantayan 7.

Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsipyo 2ng Australian Human Rights Commission at maaari itong ma-access sa [e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata](#).

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 4 – Binibigyan ng impormasyon at isinasangkot ang mga pamilya at komunidad sa pagtataguyod ng kaligtasan at kapakanan ng bata</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 4, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>4.1 Kasali ang mga pamilya sa mga desisyong nakakaapekto sa kanilang anak.</p> <p>4.2 Nakikibahagi at may bukas na pakikipag-ugnayan ang mga organisasyon sa mga pamilya at komunidad tungkol sa paraan nito para maging ligtas ang bata at madaling ma-access ang nauugnay na impormasyon.</p> <p>4.3 May karapatang magbigay ng opinyon o ideya ang mga pamilya at komunidad sa pagbuo at pagsusuri ng mga patakaran at gawain ng organisasyon.</p> <p>4.4 Ipinapaalam sa mga pamilya, tagapag-alaga at komunidad ang tungkol sa mga operasyon at pamamahala ng organisasyon.</p>	<p>Maraming organisasyon ang nagbigay na ng impormasyon at isinangkot ang mga pamilya at komunidad bilang bahagi ng pagsunod sa kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata.</p> <p>Nagtatakda ang bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 4 ng partikular na mga obligasyon sa organisasyon na isangkot ang mga pamilya at komunidad sa pagtataguyod ng kaligtasan ng bata.</p> <p>Nangangahulugan ang mga bagong obligasyon na dapat nilang tiyakin na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • kinukuha nila ang opinyon at ideya ng mga pamilya at komunidad sa mga desisyong nakakaapekto sa mga bata at kabataan • isinasangkot nila ang mga pamilya at komunidad sa pagbuo at pagsusuri ng kanilang mga patakaran at gawain para sa kaligtasan ng bata • epektibo silang nakikipag-ugnayan sa mga pamilya at komunidad kung paano ipapaabot ang mga alalahanin tungkol sa kaligtasan ng bata at kung paano nagpapatakbo ang organisasyon • isinasaalang-alang nila ang pagkakaiba-iba ng mga pamilya at kumikilos sila para mabawasan ang mga hadlang sa inclusion. 	<p>Inirerekomenda na bilang mahusay na gawain sa Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ang pagsasangkot ng mga pamilya at komunidad.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsiyo 3 ng Australian Human Rights Commission) at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 5 – Itinataguyod ang pagkakapantay-pantay at iginagalang ang iba’t ibang pangangailangan sa patakaran at gawain</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 5, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>5.1 Nauunawaan ng organisasyon, kabilang ang mga kawani at volunteer, ang iba’t ibang kalagayan ng bata at kabataan, at nagbibigay ng suporta at tumutugon sa mga mahihina.</p> <p>5.2 May access ang bata at kabataan sa impormasyon, suporta at proseso ng mga reklamo sa mga paraang ligtas sa kultura, madaling ma-access at madaling maintindihan.</p> <p>5.3 Nagbibigay ng partikular na pansin ang organisasyon sa mga pangangailangan ng mga bata at kabataang may kapansanan, mga bata at kabataan mula sa iba’t ibang pinagmulan na kultura at wika, mga hindi makapamuhay sa tahanan, at mga bata at kabataang tomboy, bakla, bisexual, transgender at intersex.</p> <p>5.4 Nagbibigay ng partikular na pansin ang organisasyon sa mga pangangailangan ng mga bata at kabataang Aboriginal at nagbibigay/nagtataguyod ng kapaligirang ligtas ang kultura para sa kanila.</p>	<p>Mula noon, laging nag-aatas ang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa mga organisasyon na kilalanin at tumugon sa pagkakaiba-iba at unawain na maaaring mas nanganganib na maabuso ang ilang bata kaysa sa iba. Hanggangngayon, ipinahahayag ito sa pamamagitan ng tatlong prinsipyo na nauugnay sa kaligtasan ng kultura ng mga batang Aboriginal, mga bata na iba’t iba ang kultura at/o wika at sa kaligtasan ng mga batang may kapansanan.</p> <p>Nagpapatuloy ang mga obligasyong ito, pero mas nililinao ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 5 ang ilang karagdagang obligasyon, na nag-aatas sa mga organisasyon na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • unawain ang iba’t ibang pinagmulan, sitwasyon at pangangailangan ng mga bata at kabataan • gumawa ng anumang kinakailangang pagbabago at magbigay ng pantay-pantay na proteksyon sa lahat ng bata at kabataan • isaalang-alang ang mga pangangailangan ng mga bata at kabataan na hindi kayang mamuhay sa tahanan pati na rin ang mga bata at kabataang tomboy, bakla, bisexual, transgender at intersex. <p>Dahil sa pagtuon ng mga bagong Pamantayan sa pag-unawa sa iba’t ibang sitwasyon ng mga bata, kailangan rin ng mga organisasyon na bigyan ng atensyon ang mga pangangailangan ng mga batang non-binary at iba’t iba ang kasarian.</p> <p>Nauugnay ang Pamantayan na ito sa bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 1, na nag-aatas na magtatatag ang mga organisasyon ng isang kapaligiran na ligtas ang kultura kung saan iginagalang at pinapahalagahan ang iba’t iba at natatanging karanasan ng mga bata at kabataang Aboriginal o katutubo.</p>	<p>Nagbibigay ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon ng ilang nakakatulong na paggabay sa pagsuporta sa mga pangangailangan ng iba’t ibang grupo ng mga kabataan, lalo na ang mga batang Aboriginal, mga batang iba’t iba ang kultura at/o wika at mga batang may kapansanan.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsipyo 4 ng Australian Human Rights Commission at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 6 – Naaangkop at sinusuportahan ang mga tao na nagtatrabaho para sa mga bata at kabataan para maipakita sa gawain ang mga prinsipyo para sa kaligtasan at kapakanan ng bata</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 6, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>6.1 Idiniin ang kaligtasan at kapakanan ng bata sa pagrerekut, kabilang ang pag-advertise, pagsusuri sa ini-refer at pagsusuri sa kawani at volunteer bago-magtrabaho.</p> <p>6.2 May mga pagsusuri o nauugnay na pagsusuri sa pinagmulan ang mga kasalukuyang nauugnay na mga kawani at volunteer na nagtatrabaho para sa mga bata.</p> <p>6.3 Tumanggap ang lahat ng kawani at volunteer ng naaangkop na induction at batid nila ang kanilang mga responsibilidad sa mga bata at kabataan, kabilang ang pag-iingat ng rekord, pagbabahagi ng impormasyon at pag-uulat ng mga obligasyon.</p> <p>6.4 Nakatuon sa kaligtasan at kapakanan ng bata ang patuloy na pagsubaybay at pangangasiwa sa mga tao.</p>	<p>Nag-aatas ang kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa mga organisasyon na magkaroon ng mga patakaran para sa kaligtasan ng bata at pamamaraan sa mga proseso ng pagrerekut at pagpili, pagsusuri, pagsubaybay, paglilinang at pagsubaybay sa pagtatrabaho ng mga kawani at volunteer. Inaatasan din silang ipaalam sa mga kawani at volunteer ang tungkol sa mga pamamaraan ng organisasyon sa pag-uulat ng mga isyu sa kaligtasan ng bata.</p> <p>Sa ilalim ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 6, magkakaroon ang mga organisasyon ng mga bagong obligasyon na ipaalam sa mga kawani at volunteer ang tungkol sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • mga proseso ng organisasyon sa pag-iingat ng rekord na may kinalaman sa kaligtasan at kapakanan ng bata • mga obligasyon sa pagbabahagi ng impormasyon at pag-uulat. 	<p>May masaklaw na paggabay ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon sa mga proseso ng pagrerekut at pagpili, pagsusuri, pagsubaybay, pagsasanay, paglilinang at pagsubaybay sa pagtatrabaho ng mga kawani at volunteer na sumusuporta sa kaligtasan ng bata.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsipyo 5 ng Australian Human Rights Commission at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 7 – Nakatuon sa bata ang mga proseso para sa mga reklamo at alalahanin</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 7, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>7.1 Mayroong madaling ma-access, nakatuon sa bata na patakaran ang organisasyon sa paghawak ng reklamo kung saan malinaw na ibinabalangkas ang mga tungkulin at responsibilidad ng pamunuan, mga kawani at volunteer, at mga pamamaraan sa pagtugon sa iba-ibang uri ng mga reklamo, mga paglabag sa nauugnay na mga patakaran o sa Kodigo ng Paggawi at mga obligasyong kumilos at magsumbong.</p> <p>7.2 Ang mga proseso ng epektibong paghawak sa reklamo ay nauunawaan ng mga bata at kabataan, mga pamilya, mga kawani at volunteer, at ligtas ang kultura nito.</p> <p>7.3 Pinagtutuunan ng pansin ang mga reklamo, at kaagad at lubusang tinutugunan.</p> <p>7.4 May nakatatag na mga patakaran at pamamaraan ang organisasyon na tumutugon sa mga iniulat na reklamo at alalahanin sa nauugnay na mga awtoridad, iniaatas man o hindi iniaatas ng batas ang pag-uulat, at nakikipagtulungan sa tagapagpatupad ng batas.</p> <p>7.5 Natutugunan ang mga obligasyon sa batas ukol sa pag-uulat, pagkapribado at pagtatrabaho.</p>	<p>Nag-aatas ang kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa mga organisasyon na magkaroon ng mga epektibong proseso na susuporta sa mga bata at kabataan na magpaabot ng mga reklamo at tiyakin na kaya ng organisasyon na tumugon nang naaangkop sa at iulat ang hinihinalang pang-aabuso sa bata.</p> <p>Idinidiin ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan 7 ang kahalagahan ng mga proseso sa mga reklamo na nakatuon sa bata at nauunawaan ito ng mga bata at kabataan at ang kanilang mga pamilya, pati na rin ang mga kawani at volunteer.</p> <p>Naglalaman ang bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 7 ng mga bagong obligasyon para sa organisasyon na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • pagtuunan ng pansin ang mga reklamo, at kaagad at lubusang itong tugunan • makipagtulungan sa tagapagpatupad ng batas • tugunan ang mga obligasyon sa batas ukol sa pag-uulat, pagkapribado at pagtatrabaho. 	<p>Nagbibigay ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon ng nauugnay na payo tungkol sa mga patakaraan at pamamaraan ng pag-uulat. Naglalaman ang website ng Komisyon ng patnubay sa Pamamaraan ng Dapat Iulat na Ugali para sa mga organisasyon na napapailalim sa pamamaraan na ito.</p> <p>Naglathala ang National Office for Child Safety ng mga sanggunian sa paggawa ng mga proseso ng mga reklamo na nakatuon sa bata at madaling ma-access.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsipyo 6 ng Australian Human Rights Commission at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 8 – Nasasangkapan ang mga kawani at volunteer ng kaalaman, mga kasanayan, at kabatiran para mapanatiling ligtas ang mga bata at kabataan sa patuloy na pag-aaral at pagsasanay</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 8, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>8.1 Sinanay at sinusuportahan ang mga kawani at volunteer para epektibong maipatupad ang patakaran ng organisasyon para sa kaligtasan at kapakanan ng mga bata at kabataan.</p> <p>8.2 Tumanggap ng pagsasanay at impormasyon ang mga kawani at volunteer para makilala ang mga tagapagpahiwatig ng pinsala sa bata kabilang na ang idinulot ng iba pang bata at kabataan.</p> <p>8.3 Tumanggap ng pagsasanay at impormasyon ang mga kawani at volunteer para epektibong matugunan ang mga isyu ng kaligtasan at kapakanan ng bata at suportahan ang mga kasamahan na nagsiwalat ng pinsala.</p> <p>8.4 Tumanggap ng pagsasanay at impormasyon ang mga kawani at volunteer kung paano bubuo ng mga kapaligiran na ligtas ang kultura para sa mga bata at kabataan.</p>	<p>Nag-aatas ang kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa mga organisasyon na magbigay ng impormasyon at pagsasanay sa mga kawani at volunteer para makagawa sila ng mga kapaligiran na ligtas para sa bata at tugunan nila ang mga alegasyon ng pang-aabuso.</p> <p>Detalyadong binabanggit ng bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 8 ang mga obligasyon ng mga organisasyon na sanayin at suportahan ang mga kawani at volunteer, at magbigay ng patuloy na pagtuturo at pagsasanay para:</p> <ul style="list-style-type: none"> • ipatupad ang patakaran ng organisasyon para sa kaligtasan at kapakanan ng bata • kilalanin ang mga tagapagpahiwatig ng pinsala (kabilang ang pinsala na idinulot ng iba pang bata at kabataan) • epektibong tugunan ang mga isyu at alalahanin sa kaligtasan ng bata at suportahan ang mga kasamahan na nagsiwalat ng pinsala. <p>Nauugnay ang Pamantayan na ito sa mga bagong Pamantayan 1 at 5 kung saan ang lahat ng tatlong Pamantayan ay nagtatakda ng mga obligasyon sa mga organisasyon na magbigay ng pagsasanay at impormasyon sa mga kawani at volunteer na may kinalaman sa pagbuo ng mga kapaligiran na ligtas para sa mga bata at kabataan.</p>	<p>Naglalaman ng ilang impormasyon ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon tungkol sa kaalaman, mga kasanayan at kabatiran na kailangan ng mga kawani at volunteer para manatiling ligtas ang mga bata at kabataan. Naglalaman ang website ng Komisyon ng patnubay sa Pamamaraan ng Dapat lulat na Ugali para sa mga organisasyon na napapailalim sa pamamaraan na ito.</p> <p>May nakakatulong na impormasyon tungkol sa mga palatandaan ng pang-aabuso Aang paggabay sa mga paaralan ng Department of Education and Training.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsipyo 7 ng Australian Human Rights Commission at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 9 – Itinataguyod ng pisikal at online na kapaligiran ang kaligtasan at kapakanan habang pinapaliit ang pagkakataong mapinsala ang mga bata at kabataan</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 9, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>9.1 Tinutukoy at binabawasan ng mga kawani at volunteer ang mga panganib sa online at pisikal na kapaligiran nang hindi kinokompromiso ang karapatan ng bata sa pagkapribado, access sa impormasyon, mga koneksyon sa lipunan at mga oportunidad para matuto.</p> <p>9.2 Ginagamit ang online na kapaligiran alinsunod sa Kodigo ng Paggawi ng organisasyon at patakaran at mga gawain para sa kaligtasan at kapakanan ng bata.</p> <p>9.3 Isinasaalang-alang sa mga plano ng pangagasiwa sa panganib ang mga panganib na inihaharap ng mga kaayusan, aktibidad, at pisikal na kapaligiran ng organisasyon.</p> <p>9.4 Ang mga organisasyong may kontrata sa mga pasilidad at serbisyo mula sa mga ikatlong partido ay may mga patakaran sa pagkuha na sinisiguro ang kaligtasan ng mga bata at kabataan.</p>	<p>Iniaatas na ng kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata sa mga organisasyon na maging maingat sa mga panganib na nauugnay sa parehong pisikal at online na kapaligiran at pagtibayin ang mga pamamaraan para maalisan ang mga panganib ng pang-aabuso sa bata.</p> <p>Naglalaman ang bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 9 ng mga partikular na obligasyon para sa organisasyon na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Isaalang-alang ang mga online na kapaligiran bukod pa sa mga pisikal na kapaligiran. • tukuyin at paliitin ang mga panganib sa mga kapaligiran ito nang hindi kinokompromiso ang karapatan ng bata o kabataan sa pagkapribado, access sa impormasyon, koneksyon sa lipunan at mga oportunidad para matuto. • itaguyod ang kaligtasan at kapakanan ng bata pati na rin ang pagpapaliit ng pagkakataon na mapinsala ang mga bata at kabataan • mayroong mga patakaran sa pagkuha na tinitiyak ang kaligtasan ng mga bata at kabataan kung ang organisasyon ay may kontrata sa mga pasilidad at serbisyo mula sa mga ikatlong partido. 	<p>Nagbibigay ng payo Aang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon tungkol sa pagtukoy at pagbabawas ng mga panganib ng pang-aabuso.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na mga mungkahi at link ang Pagpapanatiling Ligtas ng mga Bata at Kabataan Online sa panahon ng pandemyang COVID-19 ng Komisyon.</p> <p>Nagbibigay ang eSafety Commissioner ng ekstensibong praktikal na payo tungkol sa pagpapanatiling ligtas ng mga bata sa online.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang checklist para sa online na kaligtasan at e-learning module tungkol sa Pambansang Pinsipyo 8 ng Australian Human Rights Commission at maari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon para sa Kaligtasan ng Bata.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 10 – Regular na sinusuri at pinapasulong ang pagpapatupad ng mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 10, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>10.1 Regular na sinusuri, tinatasa at pinapasulong ng organisasyon ang mga kagawian na ligtas ang bata.</p> <p>10.2 Sinusuri ang mga reklamo, alalahanin at mga insidente ukol sa kaligtasan para matukoy ang mga sanhi at sistematikong pagkabigo paramabigyan ng batayan ang patuloy na pagsulong.</p> <p>10.3 Iniulat ng organisasyon ang mga natuklasan sa nauugnay na pagsusuri sa mga kawani at volunteer, komunidad at mga pamilya at mga bata at kabataan.</p>	<p>Bahagi na ng kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata ang pagsusuri at patuloy na pagpapaunlad</p> <p>Naglalaman ang bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 10 ng mga bagong obligasyon para sa organisasyon na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • suriin ang mga reklamo, alalahanin at mga insidente ukol sa kaligtasan para matukoy ang mga sanhi at sistematikong pagkabigo para mabigyan ng batayan ang patuloy na pagsulong • iulat ang mga natuklasan sa nauugnay na pagsusuri ng mga kagawian na ligtas ang bata sa mga kawani at volunteer, komunidad at mga pamilya at mga bata at kabataan. 	<p>Nagbibigay ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon ng self-assessment tool (available bilang Word file) para tulungan ang mga organisasyon na suriin ang kanilang framework para sa kaligtasan ng bata laban sa kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata. Maglalathala ng bagong tool para suportahan ang mga pagsusuri laban sa mga bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata.</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payp ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsipyo 9 ng Australian Human Rights Commission at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>

Mga Bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata (magsisimula sa 1 Hulyo 2022)	Ano ang bago o nagbago?	Makakatulong na mga sanggunian
<p>Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 11 – Isinasadokumento ng mga patakaran at pamamaraan kung paano nagiging ligtas ang organisasyon para sa mga bata at kabataan</p> <p>Bilang pagsunod sa Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 11, ang mga organisasyon ay kailangang, sa minimum, tiyakin na:</p> <p>11.1 Tinutugunan ng mga patakaran at pamamaraan ang lahat ng Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata.</p> <p>11.2 Isinasadokumento ang mga patakaran at pamamaraan at madali itong maunawaan.</p> <p>11.3 Nagbibigay ng batayan sa pagbuo ng mga patakaran at pamamaraan ang mga modelo ng pinakamahusay na gawain at pagkonsulta sa stakeholder.</p> <p>11.4 Itinataguyod at nagbibigay ng huwaran ang mga lider sa pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan.</p> <p>11.5 Nauunawaan at ipinatutupad ng mga kawani at volunteer ang mga patakaran at pamamaraan.</p>	<p>iniaatas na ng kasalukuyang mga Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata. ang paghahanda ng mga komprehensibong patakaran at pamamaraan para suportahan ang pagpapatupad ng mga gawain para sa kaligtasan ng bata.</p> <p>Naglalaman ang bagong Pamantayan para sa Kaligtasan ng Bata 11 ng mga bagong obligasyon para sa organisasyon na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • gumawa ng mga patakaran at pamamaraan na madaling maunawaan • komunsulta sa stakeholder at gamitin ang mga modelo ng pinakamahusay na gawain para mabigyan ng batayan ang pagbuo ng mga patakaran at pamamaraan. • tiyakin na itinataguyod at nagbibigay ng huwaran ang mga lider sa pagsunod sa mga patakaran at pamamaraan. 	<p>Nagbibigay ng halimbawang mga patakaran at makakatulong na patnubay sa seksyon ng kasalukuyang Pamantayan 2 ang Gabay sa Paggawa ng Organisasyon na Ligtas para sa Bata ng Komisyon..</p> <p>Nagbibigay ng nakakatulong na payo ang e-learning module tungkol sa Pambansang Prinsipyo 10 ng Australian Human Rights Commission at maaari itong ma-access sa e-learning portal ng mga Organisasyon na Ligtas para sa Bata.</p>